

Makipag-usap Magbasa Kumanta Maglaro araw-araw!

Paggamit ng mga mapagkukunang impormasyon sa Malugod na Pagtanggap sa Kindergarten na bag na magkasama...

Pagsasalita at Pagbabasa

Ang 3 mga C ng pagbasa ay:



Cuddle (Yakap) **C**onversation (Pag-uusap) **C**hoice (Pamimili).

Ang pagbabasa sa iyong anak araw-araw ay makakatulong na magpaunlad ng mga kakayahan sa bokabularyo, pakikinig at pagsasalita at ng interes sa mga aklat at mga kuwento.

- Magbasa ng iba't-ibang uri ng mga kuwento na nakaka-interes sa iyong anak.
- Tingnan at pag-usapan ang mga larawan. Makipag-ugnayan sa mundo ng iyong anak.
- Bumisita sa iyong lokal na aklatan at makilahok sa mga programa sa aklatan.


Pagpupuna sa Titik

lugnay ang mga letra at numero sa mga aklat, mga bagay sa tahanan at sa kapaligiran.



- Pagtugmain ang mga batubalanging letra at numero sa modelo; kantahin ang kantang ABC; buuin ang pangalan ng bata sa reprimyeter, cookie sheet o placemat.
- Magbilang ng mga bagay sa bahay (hal. mga pares ng medyas; dami ng mga tinidor, mga kutsilyo, mga kutsara na kailangan para sa pagkain ng pamilya)
- Pagtugmain ang mga letra at mga numero na nasa isang aklat, sa isang kahon ng cereal o sa anumang uri ng malaking titik.
- Gumawa ng mga tularan at mga pagkakasunod-sunod ng mga kulay, mga letra, mga hugis at mga numero. (hal. ababa 123 123)
- Tuklasin kung aling mga materyales ang dinidikitan ng mga batubalani.





Makipag-usap Magbasa Kumanta Maglaro araw-araw!

Malikhaing Pagsasaliksik

Gumamit ng mga krayola, papel, kola at mga gunting upang gumuhit, bumuo, gumupit at magdikit ayon sa interes at imahinasyon ng iyong anak. Ang pagkokontrol ng daliri at koordinasyon na kinakailangan para sa malikhaing mga gawain ay maghahanda sa iyong anak para sa mga hinaharap na gawain sa pagleletra.



- Himukin ang iyong anak na gumuhit at magpinta ng mga larawan gamit ang mga krayola, mga marker, magpinta na gamit ang daliri o iba pang nakakatuwang mga materyales, tulad ng buhangin and krema para sa pag-aahit.
- Maghanap at gumupit ng mga larawan mula sa mga lumang magasin at mga pahayagan na nakaka-interes sa iyong anak.
- Magsaliksik ng iba't-ibang mga paraan ng pagkakabit ng mga paboritong larawan sa papel o ibang mga bagay tulad ng isang kahon ng sapatos.
- Purihin ang sining ng iyong anak at ipaskil ito para makita ng lahat.

Ang playdough ay nakakatulong sa pagpapaunlad ng imahinasyon ng mga bata pati na rin sa pagkokontrol ng daliri at koordinasyon. Himukin ang iyong anak na gumawa ng mga bagay, mga hugis, mga hayop o mga letra sa iba-ibang mga kulay.

Resipe ng playdough:

600 ml ng arina (2 1/2 tasa), 120 ml ng asin (1/2 tasa), 10 ml cream of tartar o alum (2 kutsarita), 480 ml kumukulong tubig (2 tasa), 30 ml ng mantika (2-3 kutsara), 2 pakete ng hindi pinatamis na kool-aid.

1. Pagsamahin ang mga sangkap at haluing mabuti.
2. Masahin ang dough at ito ay handang gamitin.
3. Itago sa isang naka-takip na plastik na lalagyan o bag ng zip-lock.



Musika at Pagkilos

Lahat ng mga bata ay mahilig sa musika at mga pisikal na gawain.

- Tumalbog, sumipa at sumalo ng bola sa kumpas ng mga kanta.
- Kumanta, sumayaw, pumalakpak at magbilang habang nakikinig kayo sa musika ng Welcome to Kindergarten.

Ang pagiging aktibo na kasama ang iyong anak at pakikipag-usap tungkol sa mga malusog na pagpipiliang nakakapagpalakas ay nakakatulong sa pagbuo ng mga kaugaliang susuporta sa maagang pag-aaral at pangmatagalang kalusugan.